



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA-TATLONG PUT DALAWA (32)
NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG
TAYTAY NANG IKA- 6 NG APRIL, TAONG 2005 NA GINANAP SA
BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYANG NG
TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

DUMALO:

Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr.	-	Pang. Punong Bayan Tagapamatnugot
Kgg. Joselito T. Calderon	-	Konsehal
Kgg. Janet DL. Mercado	-	Kon. Pansamantalang Tagapamatnugot
Kgg. Sharon B. de Leon	-	Konsehal
Kgg. Ceferino R. Resurreccion, Jr.	-	"
Kgg. Trece S. Cayton	-	"
Kgg. Antonio A. Alabata	-	"
Kgg. Arturo R. Valle	-	"
Kgg. Andres C. Cruz, Jr.	-	Pangulo ng Liga ng Mga Barangay
Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra	-	Pangulo Liga ng Sangguniang Kabataan

DI-DUMALO:

Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo	-	Konsehal
------------------------------	---	----------

KAPASIYAHAN BILANG 51

**NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG
PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA PAMILYA
NA NAULILA NG YUMAONG BENJAMIN C. VELASCO, SR.
KALIHIM NG BARANGAY STA. ANA TAYTAY, RIZAL SA
PANGUNGUNA NG PUNONG BAYAN KGG. GEORGE RICARDO
R. GACULA II, PANGALAWANG PUNONG BAYAN KGG.
FERNANDO R. CABITAC, JR., MGA MIYEMBRO NG
SANGGUNIANG BAYAN AT MGA KAWANI NG PAMAHALAANG
BAYAN NG TAYTAY**

SAPAGKAT, siya ay naglingkod bilang Kalihim ng Brgy. Sta. Ana,
Bayan ng Taytay, humigit kumulang sa apat na taon mula Oktubre 2001
hanggang Abril 2005;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod sa Brgy. Sta. Ana siya ay nagpamalas ng ibayong sipag at katalinuhan na nakatulong ng malaki upang mapaganda at maging maayos ang takbo ng Konseho ng Brgy. Sta. Ana;

SAPAGKAT, sa maraming pagkakataon ay namalas sa kanya ang pagiging matulungin at maunawain sa mga taong lumalapit sa kanya, sapagkat siya ay hindi nagkait ng tulong kanino man kung makakaya rin lamang niya;


SAPAGKAT, sa kanyang pagyao sa daigdig na ito ay kanyang inulila, hindi lamang ang kanyang mga mahal sa buhay, kundi maging ang kanyang kapwa kawani, mga kaibigan at mga kadaupang palad na nagmamahal sa kanya;

LUBUSAN PINAGPASIYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya ang pagpapaabot ng taos pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila, asawa mga anak at kapatid ng Kalihim ng Brgy. Sta. Ana, Benjamin C. Velasco, Sr.;


PINAGPASIYAHAN PA, na ang buong Konseho Munisipal at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Taytay sa pangunguna ng Punong Bayan Kgg. George Ricardo R. Gacula II ang panalangin na nawa'y makarating ang kanyang kaluluwa sa kaharian ng Dakilang Lumikha at duon ay magkaroon ng buhay na walang hanggan;

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.


PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayon ika-6 ng Abril, 2005 dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.


NOLI G. DEL ROSARIO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:


KGG. JANET DL. MERCADO
Konsehal
Pansamantalang Tagapamatnugot

PINAGTIBAY:


KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II
Nanunuparang Punong Bayan